# *Aral Mula sa Sermon ni Jesus sa Bundok Yugto 78*

***"27 Narinig ninyong sinabi, Huwag kang mangangalunya: 28 Datapuwa't sinasabi ko sa inyo, na ang bawa't tumingin sa isang babae na taglay ang masamang hangad ay nagkakasala, na ng pangangalunya sa kaniyang puso. 29 At kung ang kanan mong mata ay nakapagpapatisod sa iyo, ay dukitin mo, at iyong itapon: sapagka't may mapapakinabang ka pa na mawala ang isa sa mga sangkap ng iyong katawan, at huwag ang buong katawan mo ay mabulid sa impierno." (Mateo 5:27-29 KJV)***

Dito ang Panginoong JesuCristo ay nagsalita tungkol na huwag mangangalunya at iyon ang ikapitong utos, ***"18 Ni mangangalunya." (Deutronomio 5:18 KJV)*** Na ibig sabihin walang seskwal at emosyonal na kaugnayan sa labas ng buhay mag asawa. Kaya ilagay ang malinaw na mga alintuntuning ito sa iyong isipan at sa iyong puso upang hindi ka magkasala sa Dios:

1. Ang pagtatalik ay para sa taong may asawa.
2. Mag asawa lamang kapag ikaw ay nasa maayos na kalagayan.

Sa Lumang Tipan, nauunawaan nila ang utos na ito sa sumusunod na bagay; na dapat ang lalaki ay hindi dapat magkaroon ng kaugnayan kung saan hihiga o makikisiping sa pagtulog sa babae na hindi niya asawa. Sa ***Deutronomio 22*** ay nagbigay sa atin ng higit pang detalye tungkol dito:

***"13 Kung ang sinoman ay magasawa, at sumiping sa kaniya, at kaniyang kapootan siya, 14 At kaniyang bintangan ng mga kahiyahiyang bagay, at ikalat ang isang masamang dangal niya, at sabihin, Aking kinuha ang babaing ito, at nang sipingan ko siya, ay hindi ko nasumpungan sa kaniya ang mga tanda ng pagka donselya: 15 Kung magkagayo'y ang ama ng dalaga at ang kaniyang ina ay kukuha at maglalabas ng mga tanda ng pagka donselya ng dalaga sa harap ng mga matanda sa bayan, sa pintuang-bayan; 16 At sasabihin ng ama ng dalaga sa mga matanda, Ibinigay ko ang aking anak sa lalaking ito na maging asawa at kaniyang kinapootan siya; 17 At, narito, kaniyang binibintangan ng mga kahiyahiyang bagay, na sinasabi, Hindi ko nasumpungan sa iyong anak ang mga tanda ng pagka donselya: at gayon ma'y ito ang mga tanda ng pagka donselya ng aking anak. At kanilang ilaladlad ang kasuutan sa harap ng matatanda sa bayan. 18 At kukunin ng mga matanda sa bayang yaon ang lalake at parurusahan siya; 19 At kanilang sisingilin siya ng isang daang siklong pilak at ibibigay sa ama ng dalaga sapagka't kaniyang ikinalat ang isang masamang dangal ng isang donselya sa Israel: at siya'y magiging kaniyang asawa; hindi niya mapalalayas siya sa lahat ng kaniyang kaarawan. 20 Nguni't kung ang bagay na ito ay totoo na ang mga tanda ng pagka donselya ay hindi masumpungan sa dalaga; 21 Ay kanila ngang ilalabas ang dalaga sa pintuan ng bahay ng kaniyang ama, at babatuhin siya ng mga bato, ng mga lalake sa kaniyang bayan upang siya'y mamatay: sapagka't nagkasala siya ng kaululan sa Israel, na nagpatutot sa bahay ng kaniyang ama: gayon mo aalisin ang kasamaan sa gitna mo." (Deutronomio 22:13-21 KJV)*** Sa pangyayaring ito ipinapahayag ng lalaki na hindi birhen ang kanyang asawa nang naging asawa niya siya, na nagsasaad na Nakagawa ito ng pakikiapid bago mag asawa. Ang kanyang pagrereklamo ay mapapatunayan ng mga magulang na magdadala ng tanda ng kabirhenan ng kanilang anak sa matanda sa pintuang bayan. Ang lalaki ay papaluin ng mga matatanda at sasampahan ng parusa ng salapi na ibibigay sa mga magulang dahil sa eskandalo na ginawa sa babaeng iyon at sa kanyang pamilya. Ang mga babae at lalaki ay dapat panatilihin ang kanilang sarili na birhen hanggang sa araw ng pag aasawa.

Kung ang mga magulang ay hindi kayang mapatunyan ng kanyang kabirhenan sa gayon ang susunod na hakbang ay babatuhin ang babae dahil siya ay gumawa bilang patutot habang siya ay nasa bahay ng kanyang ama. Kaya dadalhin nila siya at babatuhin sa harap ng sangbahayan ng kanyang ama. Dahil iyon ay kautusan ng Dios, kung tiyak ang lahat ay masigasig na ingatan ang kanyang mga anak na protektahan at ilayo sa gayong gawain. Tiyak maging sa lahat sa bayan o lungsod ay may pananagutan na panatilihin ang kabanalan upang sila'y mapilitang pumunta sa paraan ng pagbabato.

***"22 Kung ang isang lalake ay masumpungan, na sumisiping sa isang babaing may asawa, ay kapuwa nga sila papatayin, ang lalake na sumiping sa babae, at ang babae: gayon mo aalisin ang kasamaan sa Israel." (Deutronomio 22:22 KJV)*** Ito ay pangangalunya sa isang may asawang babae, na pag aari ng ibang lalaki, at sila'y parehong babatuhin, upang ang kasamaan ay mahinto sa Israel. Ang gayong mga kasalanan ay kailangang ihinto sa buhay ng simbahan ng Dios.

***"23 Kung ang isang dalagang magaasawa sa isang lalake, at masumpungan siya ng isang lalake sa bayan, at sumiping sa kaniya; 24 Ay inyo ngang ilalabas kapuwa sila sa pintuan ng bayang yaon, at inyong babatuhin sila ng mga bato upang sila'y mamatay; ang babae, sapagka't di siya sumigaw, ay nasa bayan; at ang lalake, sapagka't pinangayupapa ang asawa ng kaniyang kapuwa: gayon mo aalisin ang kasamaan sa gitna mo." (Deutronomio 22:23-24 KJV)*** Narito ang babae ay binato din dahil hindi siya sumigaw at tumawag sa iba

upang iligtas siya. Ang mga babae ay may pananagutan sa harap ng Dios at dapat lumaban na huwag hayaan ang mga lalaki na halayin siya at gumawa ng panganglunya sa kanya.

***"25 Nguni't kung masumpungan sa parang ng lalake ang isang dalagang magaasawa, at dahasin ng lalake siya, at sumiping sa kaniya; ang lalake nga lamang na sumiping sa kaniya ang papatayin: 26 Nguni't sa babae ay huwag kang gagawa ng anoman, wala sa babaing yaon ang anomang kasalanang marapat ikamatay: sapagka't gaya ng kung ang isang lalake ay bumabangon laban sa kaniyang kapuwa, at pinapatay niya siya, ay gayon din ang bagay na ito: 27 Sapagka't nasumpungan niya siya sa parang, ang dalagang magaasawa ay sumigaw, at walang magligtas sa kaniya." (Deutronomio 22:25-27 KJV)*** Dito ang babae ay hindi binato dahil sa parang walang sinuman ang nasa tabi niya upang iligtas siya. * Ilagay sa iyong isipan ang isang babaeng mag aasawa, ay isang babaeng napapgkasunduang mag asawa sa isang tiyak na lalaki. Siya ay pag aari ng ibang lalaki. * Ilagay din sa iyong isipan ang isang lalaking mag aasawa, ay isang lalaki na napagkasunduan na mag asawa sa isang tiyak na babae. Siya ay pag aari ng ibang babae * Paano kung hindi pa siya ipinagkasundo o hindi wala pang asawa? Ilagay din ng katotohanang ito sa iyong isipan, ang isang birheng lalaki o isang birheng babae ay pag aari ng Dios na ibibigay Niya sa Kanyang panahon sa tanging tao sa pag aasawa. Kaya kailangan nating manindigan sa presensya ng Dios at huwag gambalain ang tinakda ng Dios sa Kanyang plano sa tao. * Kung titingin ka sa isang babae o sa isang lalaki na may pagnanasa ay isang paglabag at ay hahatulan ito sa kautusan ng Dios

Mula sa mga halimbawang ito ang ating mauunawaan na ang lahat ay mananagot at may pananagutan na panatilhin ang kabanalan at labanan ang kasalanan ng pakikiapid at pangangalunya. Ang lahat ay mananagot, hindi lamang ang mga lalaki at babae, kundi pati na rin ang mga magulang, ang simbahan, ang mtatanda, ang pamilya, ang bawat lalaki at babae ay dapat kumilos upang labanan ang gayong kasalanan.

Sa ***Mateo 5:27-29,*** sinasabi ni Jesus sa bayan ng Judio na nalalaman ng husto ang Kasulatang ito na ating tinalakay. Sa panahon ni Jesus ang mga taong Judio ay hindi nila ipinapahintilot ang kanilang mga anak na babae na wala pang asawa na lumabas ng bahay. At kapag sila'y lumabas sinusuot nila ang talakbong na tinatakip sa buong katawan, at kung sa gayon ang mga lalake ay hindi makakahanap ng paraan upang tumingin ng may pagnanasa sa kanila at dito ay hinatulan ni Jesus ang gayong kasalanan sa pamamagitan ng paghatol sa kung anong kasamaan sa puso ng tao. Hinahatulan din ng Kautusan ng Dios ang kasalanang ito ng pagnanasa at kasakiman nang sinabi Niya, ***"21 <u>Huwag iimbutin ang asawa ng iyong kapuwa;</u> ni huwag mong pagnanasaan ang bahay ng iyong kapuwa, ang kaniyang bukid, ni ang kaniyang aliping lalake, o babae, ni ang kaniyang baka, ni ang kaniyang asno, ni anomang bagay ng iyong kapuwa." (Deutronomio 5:21 KJV) "17 Huwag mong iimbutin ang bahay ng iyong kapuwa, <u>huwag mong iimbutin ang asawa ng iyong kapuwa,</u> ni ang kaniyang aliping lalake o babae, ni ang kaniyang baka, ni ang kaniyang asno, ni anomang bagay ng iyong kapuwa." (Exodu 20:17 KJV)***

Si Jesus nang dumating Kanyang aral ay mas malalim at sukdulan kaysa sa nakasulat sa Lumang Tipan at mas nakatuon patungo sa paglilinis ng kasalanan ng pangangalunya at pakikiapid sa pamamagitan ng paglilinis sa kasamaan sa puso at kaisipan dahil ang kasalanana ay naguumpisa sa puso at sa isipan ng tao. Isinasaalang alang ni Jesus kung ang isang lalaki ay titingin sa babae na may pagnanasa kung gayon ay nakagawa ng pangangalunya sa kanyang puso. Kaya dito ang masasamang kaisipan at emosyon ng mga lalaki sa babae na hindi nila asawa ay pangangalunya sa mata ng Dios. Kaya dito ang ating pananagutan sa harap ng Dios ay higit pang pinalawig at pinalalim. Tayo ay may pananagutan na ingatan ang ating katawan, puso at pag iisip na malinis upang ang gayong mga kasalanan ay hindi maganap. Kaya kailangan nating gawin ang sumusunod:

3. Pagdidisiplina sa ating mga anak at ituwid sila malayo sa ganoon habang sila'y maliit pa at pagbawalan sila mula sa paggawa ng gayon.
4. Iwasang paghaluin ang mga batang lalaki at babae, o lalaki kasama ng babae.
5. Alisin ang Media at internet mula sa buhay ng ating mga anak.
6. Ang mobile at Media ay dapat gamitin para sa trabaho at pakikipag ugnayan at hindi para sa kasiyahan at pakikipagrelasyon.
7. Ang maayos na pananamit para sa parehong lalaki at babae. Ang hindi maayos na pananamit na ayaw nating ipasuot sa ating mga anak kapag sila'y lumaki na ay huwag nating ipahintulot ipasuot sa kanila habang sila'y bata pa.
8. Iwasan ang make up, at mabagsik na pabango. Ang deodorant para sa katawan ay dapat limitado lamang sa ibabaw at huwag ikalat at maglagay ng marami dami upang maamoy ng iba.
9. Walang kasintahang lalaki at babae.
10. Walang pakikipagkita at panliligaw.

Sinabi ni Jesus, ***"29 At kung ang kanan mong mata ay nakapagpapatisod sa iyo, ay dukitin mo, at iyong itapon: sapagka't may mapapakinabang ka pa na mawala ang isa sa mga sangkap ng iyong katawan, at huwag ang buong katawan mo ay mabulid sa impierno." (Mateo 5:29 KJV)*** Tinatawag ka Niya, tinatawag ang Kanyang simbahan at ang Kanyang mga tagasunod upang gawin ang marahas na mga hakbang upang tigilan ang gayong mga kasalanan. Ang kalalakihan at kababaihan ay dapat mapigilan at huwag hayaang tumawid sa

hangganan at lumampas sa limitasyo na ipinahintulot sa kanila. Ang Salita ni Jesus dito ay napaka seryoso; kung hindi ka susunod ikaw ay magtatapos sa impierno. Tutuparin ni Jesus ang Kanyang sinabi sa Kanyang Salita.

Ang ilang kababaihan sinasabi nila, ang isipan ng kalalakihan ay dapat maging malinis at dapat huwag silang mag isip ng ganoong paraan. Iyon ay tama. Ang pangangalunya at pakikiapid ay magaganap kung ang parehong lalaki at babae ay nagkasundo sa kanilang isipan na gawin ito. Ngayon mula sa parehong kaunawaan kung ang mga lalaki at babae sa paraan ng kanilang pananamit at sa paraang paglalagay nila ng make up, ipinapakita ang kanilang kagandahan ng kanilang mga katawan maging mga lalaki at babae, iyon ay nagdudulot ng pagka akit sa ibang pang kasarian, kahit hindi nila ito sinasadya, kung gayon sila'y nagkakasala ng pangangalunya.

Kapag ang kalalakihan at kababaihan ay hindi maayos sa kanilang pananamit inaanyayahan nila ang ibang kasarian na magkasala. Sa panahon ni Jesus ang damit ng babae ay mas maayos kaysa ngayon, gumagamit sila ng mga talakbong kung saan ang mga bahagi ng mga katawan ng babae at ng kanyang mukha ay natatakpan at sa gayon ang mga kalalakihan ay walang pagkakataon na magnasa sa kanilang mga mata patungo sa kababaihan. Ngunit maging sa gayon ay nagbabala pa rin si Jesus na huwag gawin ang ganoong kasamaan.

Ngayon gaano pa kya kung si Jesus ay dumating ngayon at makita ang bulgar na pananamit, at nakakaakit na make up, at matapang na mga pabango, ang media na nagsusulong ng mga imoralidad, ano ang Kanyang sasabihin at paano Siya magsasaway?

Sa katotohanan sa COVID 19 tayo ay nasa ilalim ng paghatol ni Cristo, pinilit tayong magsuot ng mask sa ating mga mukha, tumigil sa paglalagay ng make up, maglagay ng PPE ang pangsagalang na prospesional na mga kagamitan upang protektahan ang ating kalusugan mula sa karamdaman, at ang mataas na bilang ng namamatay upang sawayin ang tao at gisingin siya, upang mamulat na lumayo mula sa mga imoralidad dahil sa gayon ang poot ng Dios ay darating.

Ang simpleng mga hakbang na ito tungkol sa pananamit at make up kung sila'y tatalima, kung gayon ang bilang ng pangangalunya at pakikiapid ay mababawasan.

Ang pagkakaroon ng katipang lalaki at babae ay gumagawa ng pangangalunya ayon sa Salita ni Jesus dito; pakikipagtipan at pakikipagligawan ang lahat ng ito ay pagpapahayag ng pangangalunya. Ang lalaki at babae kapag sila'y nagtagpo, nagsalita o nag usap ng seksuwal na mga bagay ay hindi maaring ibukod sa pagitan nila. Ang kababalaghang ito ay kinakailangang mawala sa ating buhay upang maiwasan ang mga pakikiapid at imoralidad.

Ang Banal na Kasulatan ay nagbabala sa atin tungkol dito, ***"3 Nguni't ang pakikiapid, at ang lahat ng karumihan, o kasakiman, ay huwag man lamang masambit sa inyo, gaya ng nararapat sa mga banal; 4 O ang karumihan man, o mga mangmang na pananalita, o ang mga pagbibiro, na di nangararapat: kundi kayo'y magpasalamat. 5 Sapagka't talastas ninyong lubos, na sinomang mapakiapid, o mahalay, o masakim, na isang mapagsamba sa mga diosdiosan, ay walang anomang mamanahin sa kaharian ni Cristo at ng Dios. 6 Huwag kayong madaya ng sinoman ng mga salitang walang kabuluhan: sapagka't dahil sa mga bagay na ito'y dumarating ang galit ng Dios sa mga anak ng pagsuway. 7 Huwag kayong makibahagi sa kanila." (Epeso 5:3-7 KJV)*** Dito ang mga mapakiapid at mga sakim at patutot ay kabilang sa mga dahilan na magdudulot ng poot ng Dios. ***"Ni huwag din naman tayong makiapid, na gaya ng ilan sa kanila na nangakiapid, at ang nangabuwal sa isang araw ay dalawangpu at tatlong libo." (1 Corinto 10:8 KJV)*** Ang mga apostol ni Jesus ay hinatulan ang pakikiapid at kaya naman sumulat sila sa mga simbahan ng mga Gentil, ***"19 Dahil dito'y ang hatol ko, ay huwag nating gambalain yaong sa mga Gentil ay nangagbabalik-loob sa Dios; 20 Kundi sumulat tayo sa kanila, na sila'y magsilayo sa mga ikahahawa sa diosdiosan, at sa pakikiapid, at sa binigti, at sa dugo." (Mga Gawa 15:19-2 KJV)*** Gayunpaman ang ilang mga simbahan sa Bibliya ay hindi hinatulan kundi hinayaan ito at pinahintulutan ang mga kapistahan ng mga dios-diosan na makapasok sa simbahan na nagdulot ng galit ng Dios na dumating sa kanila tulad sa simbahan ng Tiatira, ***"20 Datapuwa't mayroon akong laban sa iyo, na pinahintulutan mo ang babaing si Jezebel, na nagpapanggap na propetisa; at siya'y nagtuturo at humihikayat sa aking mga lingkod upang makiapid, at kumain ng mga bagay na inihahain sa mga diosdiosan. 21 At binigyan ko siya ng panahon upang makapagsisi; at siya'y ayaw magsisi sa kaniyang pakikiapid. 22 Narito, akin siyang iniraratay sa higaan, at ang mga nakikiapid sa kaniya sa malaking kapighatian, maliban na kung sila'y magsisipagsisi sa kaniyang mga gawa. 23 At papatayin ko ng salot ang kaniyang mga anak; at malalaman ng lahat ng mga iglesia na ako'y yaong sumasaliksik ng mga pagiisip at ng mga puso: at bibigyan ko ang bawa't isa sa inyo ng ayon sa inyong mga gawa." (Pahayag 2:20-23 KJV)*** Ang mga magulag at simbahan na pinatili at pinahintulutan ang kasintahang lalaki, kasinatahang babae, pakikipagtagpo, panliligaw, ang mga lalaki ay sumasama sa mga babae, ang mga babae ay sumasama sa mga lalaki, ang mga mobile ay nasa kamay ng kabataan at mga anak, make up at hindi maayos na pananamit, sila'y nagsusulong ng pakikiapid at pangangalunya upang ipalaganap at iyon ay magdadala ng poot ng Dios.

Muli inuulit ko ang mga mobile at media ay dapat gamitin para sa trabaho at pakikipag ugnayan at hindi para sa kasiyahan at para gumawa ng pakikipagrelasyon.

***"1 Datapuwa't si Jesus ay napasa bundok ng mga Olivo. 2 At pagka umaga ay nagbalik siya sa templo, at ang buong bayan ay lumapit sa kaniya; at siya'y naupo, at sila'y tinuruan. 3 At dinala sa kaniya ng mga eskriba at ng mga Fariseo ang isang babaing nahuli sa pangangalunya; at nang mailagay siya sa gitna, 4 Ay sinabi nila sa kaniya, Guro, nahuli ang babaing ito sa kasalukuyan ng pangangalunya. 5 Sa kautusan nga ay ipinagutos sa amin ni Moises na batuhin ang mga ganyan: ano nga ang iyong sabi tungkol sa kaniya? 6 At ito'y kanilang sinabi, na siya'y sinusubok, upang sa kaniya'y may maisumbong sila. Datapuwa't yumuko si Jesus, at sumulat ng kaniyang daliri sa lupa. 7 Datapuwa't nang sila'y nangagpatuloy ng pagtatanong sa kaniya, ay umunat siya, at sa kanila'y sinabi, Ang walang kasalanan sa inyo, ay siyang unang bumato sa kaniya. 8 At muli siyang yumuko, at sumulat ng kaniyang daliri sa lupa. 9 At sila, nang ito'y kanilang marinig, ay nagsialis na isa-isa, na nagpasimula sa katandatandaan, hanggang sa kahulihulihan: at iniwang magisa si Jesus at ang babae, sa kinaroroonan nito, sa gitna. 10 At umunat si Jesus, at sa kaniya'y sinabi, Babae, saan sila nangaroroon? wala bagang taong humatol sa iyo? 11 At sinabi niya, Wala sinoman, Panginoon. At sinabi ni Jesus, Ako man ay hindi rin hahatol sa iyo: humayo ka ng iyong lakad; mula ngayo'y huwag ka nang magkasala." (Juan 8:1-11 KJV)*** Dito sa salaysay na ito hindi hinatulan ni Jesus ang babae dahil ang kanyang mga taga pagusig ay hindi dinala ang lalaking kasama niya na gumawa ng pangangalunya; nais lamang nilang bitagin si Jesus, naghihintay kay Jesus na sabihin na huwag batuhin siya upang mahatulan nila Siya na Siya ay nagtataguyod ng pangangalunya. Kaya sinabi Niya sa kanila na simulang batuhin siya sa mga walang may kasalanan. Ngunit sila'y nagkasala sa pamamagitan ng hindi pagdadala ng lalaki na gumawa ng pangangalunya kasama ng babae. Batid nila kung anong sinasabi Niya sa kanila, kaya sila'y napilitang umalis. Si Jesus ay hindi labag sa babaeng iyon na maparusahan para sa kanyang pangangalunya ngunit binigyan Niya siya ng panibangong pagkakataon at masidhi Niyang sinabi sa kanya na ***"yumaon ka at huwag magkasala pa"***, at sa gayon hinahatulan ni Jesus ang kasalanan ng pangangalunya.

Maging si Cristo ay nagbibigay sa atin ng isa pang pagkakataon ngayon na yumaon at mamuhay nang walang kasalanan ng pakikiapid at pangangalunya. Ang gayong kasalanan ay kinakailangang mawala mula sa ating buhay, mula sa buhay ng ating pamilya at mula sa buhay ng simbahan.

Nababasa at nakikita ni Jesus kung anong nasa isipan ng mga tao, ng paglihis at pagkupkop ng ibang pang mga plano na malayo sa Kanyang mga plano. Ang Dios ang nagtakda ng isang plano para bawat isa, at para sa pag aasawa itinakda Niya ang tiyak na tao upang punan ang katungkulang iyon sa Kanyang sakdal na panahon. Kapag ang bayan ng Dios ay naligaw at nalihis mula sa mga daan ng Dios kung gayon ang maling plano, ang maling relasyon ay maiitatag dahil sa gayon at ang maling pag aasawa ay susunod.

Bakit si Cristo ay napaka sukdulan sa gayong kasalanan? Ang pangangalunya at pakikiapid ay isang kasalanan at maaring magdulot ng kapahamakan. Ang mensahe ngayon ay hindi upang hatulan ka kundi iwasan mo ang nangyari sa nakaraan ay mangyaring muli. Kaya tayo bilang isang simbahan ay dapat kumilos at ipatupad ang paghahanda para makaDios na pag aasawa.

Bukod dito sa nauna nating ipinahayag, paano natin masusunod ang Salita ni Jesus, at ano ang mga hakbang at alintuntunin na kailangan pa nating gawin at ipatupad upang maalis ang imoralidad?

11. Ang mga asawang lalaki ay magtrabaho upang kumita ng ikabubuhay
12. Ang mga asawang babae ay dapat manatili sa tahanan upang pamahalaan ang bahay at tingnan ang mga anak.
13. Ang mga asawang babae ay dapat manatili sa bahay at ingatan ang mabuting pangangasiwa, pamamahala sa paggastos, at ingatan ang higit pang mga mapagkukunan.
14. Ang mga bata mapasa bahay ng pag aaral upang hindi sila mahalo sa mga tao ng sanglibutan at mahawaan ng mga kasalanan
15. Walang TV, facebook, walang YOU tube at ang mga katulad sa kapaligiran ng bahay. Ang gayong mga bagay ay nakakasama sa atin.
16. Walang mobile at gadgets o internet na ibibigay sa mga bata sa bahay.
17. Ang media ay para sa trabaho at pakikipag usap at hindi sa kasiyahan
18. Maayos na pananamit, at walang make up
19. Walang mga kaibigan, Kasama ng walang kasintahang laaki, walang kasintahang babae, walang pakikipagtagpo, at walang panliligaw
20. Pag iipon at pag iingat ng mga mapagkukunan upang magsimula ng bagong pamilya sa pamamagitan ng paghahanda para sa makaDios na pag aasawa sa mga pinalaki sa makaDios na paraan.
21. Kapag ang isang tao a0y handa na at may kakayahang magsimula ng pamilya ang Panginoon ang magbibigay at ipapakita ang tamang kabiyak para sa kanya.

***Sa aking mahal at minamahal:*** Ang tinalakay natin sa iyo ngayon ay ilang malawak na punto lamang na makakatulong sa atin na makita ang daan patungo sa kabanalan. Kung ikaw ay handa ay ihahayag sa iyo ng

Dios ang higit pa sa Kanyang Salita at Kanyang mga daan upang panatilihin kang malinis at dalisay mula sa karumihan ng kasalanan ng imoralidad. Ginagawa ko ito at isinasagawa kung anong aking itinuturo ngayon sa buhay ng aking pamilya. Hindi ko itinuturo ang hindi ko ginagawa. Kaya, ipangako ang iyong sarili sa Panginoon at maging handa na mamuhay at dumaan sa makipot na pintuan at maging handa na turuan ang iyong mga anak at palakihin sila sa isang makaDios na paraan sa pagkatakot sa Panginoon. Ilagay sa iyong isipan na ang Dios ang tutulong sa iyo kung handa mong sundin Siya.

Lumapit ngayon sa Panginoon nang may pagsisisi at maging handang tumalima sa Salita ni Jesus at maging responsable na disiplinahin ang iyong sarili at ang iyong pamilya, at sumunod sa tagubilin na tinanggap natin sa mensaheng ito; na mapanatiling malinis ang kapaligiran ng bahay malayo sa karumihan ng Media upang walang maging tukso na mag aalis sa iyong mga anak mula sa tamang landas. Maging handang payuhan na lutasin ang iyong suliranin ng iyong pamilya upang mamuhay ka sa pagsunod sa plano ng Dios para sa iyo at sa iyong pamilya kasama ang iyong mga anak. Tayo ay manalangin.

***Ang aking panalangin:*** *Amang Dios Ako ay lumalapit sa iyo sa pangalan ni Jessu na namatay sa krus para sa aking mga kasalanan, na inilibing at nabuhay na maguli mula sa mga namatay noong ikatlong araw upang bigyan ako ng walang hanggang buhay. Ako'y nagpapasalamat sa iyo Panginoon para sa iyong salita na ipinakita sa akin kung paanong mamuhay sa isang banal na buhay sa iyo patungkol sa pag aasawa at buhay pamilya at kung paanong palakihin ang aking mga anak sa pagkatakot sa iyo.*

*Ipahayag at talikdan ang sumsunod na mga kasalanan; talikdan ang lahat ng iyong pakikipag ugnayan sa labas ng kasal at putulin ang gayong pakikipagrelasyon. Talikdan ang iyong kamunduhan at ang pamumuhay at pagsunod sa mga alintuntunin na salungat sa tinanggap nating katuruan sa mensaheng ito, tungkol sa pananamit, make up at Media. Talikdan ang alintunin ng kasintahang lalaki at babae, pakikipagtipan at panliligaw. Panginoon ipinahayag at tinalikdan Ko ang sumusunod na mga kasalanan* ________________________

*Panginoon salamat sa iyo para sa aking mga kapatid na lalaki at babae na nagsisi at handang baguhin ang kanilang mga daan at talikdan ang makamundong masamang pagsasagawa patungkol sa pamilya at pag aasawa. Panginoon dalangin ko na bibigyan mo sila ng kalakasan na ipatupad ang lahat ng mga alintuntunin na aming natutunan mula sa iyong Salita. Panginoon kumilos ka sa kanila upang maisaayos nila ang kanilang pamilya sa ayos at disiplinahn ang kanilang mga anak at sanayin sila ayon sa iyong Salita. Panginoon maglaan para sa kanila at lutasin ang kanilang mga suliranin habang sila'y patuloy na tumalima sa iyong Salita at sa iyong kalooban.*

*Panginoon pagpalain kami bilang isang simbahan upang patuloy na magturo at ipatupad ang iyong Salita sa paghahanda sa mga walang asawa para sa makaDios na pag aasawa at turuan ang mga magulang kung paanong palakihin ang kanilang makaDios na mga anak. Panginoon puspusin kaming muli ng Banal na Espiritu at bigyan kami ng espirituwal na mga kaloob na magpatuloy at paglingkuran ka. Panginoon tulungan kaming mag evangelio at gumawa ng bagong mga alagad at sanayin ang mga manggagawa. Panginoong paging dapatin kaming magtanim ng bagong pag aaral ng Bibliya at bagong mga kapisanan para sa simbahan. Panginoon tupdin ang pananaw ng simbahan, Pagpaparami sa kapayapaan sa pagpapatupad ng buong kalooban ng Dios. Panginoon pagpalain kami, palawakin ang aming lupain, sumaamin nawa ang iyong kamay, at iligtas kami sa kapahamakan upang hindi namin madama ang sakit. Nawa ang biyaya ng Panginoong JesuCristo, at ang pagibig ng Dios at ang pakikipagpisan ng Banal na Espiritu ay sumaating lahat sa pangalan ni Jesus, Amen.*

Mga aral mula sa sermon ni Jesus sa bundok Yugto 78. Mateo 5:27-28. Deutronomio 5:18. Deutronomio 22:13-27. Deutronomio 5:21. Exodu 2:17. Epeso 5:3-7. 1 Corinto 10:8. Mga Gawa 15:19-20. Pahayag 2:20-23. Juan 8:1-11.

Dr.Ramiz Khalaf
Ang Tagapamahala ng Simbahan
Simbahan ng Diyos
United Arab Emirates
Email: thebread1@gmail.com
Mobile Tel.#: 00971551902647

Tandaan: Ang Tinapay ng buhay ay lingguhang paghahayag mula sa Simbahan ng Diyos, United Arab Emirates. Sa karagadagang usapin at higit sa espiritual na pagpapalago maari mo kami bisitahin sa aming website sa: www.churchofgoduae.com

Ibahagi mo ito sa iyong mga kaibigan.

Nakikiusap ako na ibahagi mo sa amin ang iyong saloobin tungkol sa mensahe at

kung mayroon kang katanungan.

Kung mayroon kang kahilingan na panalagin, maari mong ipadala sa numero ng whatsapp: 00971551902647, o sa email na ito: thebread1@gmail.com.

Pakipadala ng iyong ikasapung bahagi, iyong unang bunga at iba ibang handog sa simbahan sa account na ito:

Pangalan ng Banko:
First Abu Dhabi Bank (FAB)
ACCOUNT NAME:
RAMIZ BAHNAM ABBO KHALAF
ACCOUNT NO:
1576003753162014
IBAN:
AE3803151576003753162014
SWIFT CODE:
NBADAEAACPU

O tawagan ako sa whatsapp numerong ito: 00971551902647 o sa email na ito: thebread1@gmail.com

Kung kailangan mo ng payo sa bahagi ng iyong buhay, kung ito'y tungkol sa pamilya, mga anak at pinansyal, malaya kayo makipagugnayan sa akin sa whatsapp na numerous: 00971551902647 o sa email na ito: thebread1@gmail.com